Deklarasyon ng Pagpapalakas sa Countermeasures ng Gifu para Maiwasan ang Medical Crisis

(Buod)

Napagpasyahan : 2023 Enero 19
Panahon ng Pagpapatupad：2022 Disyembre 23～2023 Pebrero 12
COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Noong ika-23 ng Disyembre, ang Prepektura ay naglabas ng "Deklarasyon para Palakasin ang Mga Hakbang Para Maiwasan ang Medikal Crisis".

Nitong Enero, muling kumakalat ang seasonal influenza sa prepektura at nakikipagsabayan pa ito sa COVID-19 magdulot ng impeksyon. Dahil dito, hindi nababawasan ang kabuuang pasanin ng medical care at nagpapatuloy ang problema ng "delayed access sa normal na medical care".

Dahil sa sitwasyong ito, ie-extend ang panahon ng pagpapatupad ng "Strengthening of COVID-19 Measures to Prevent a Strain on Gifu's Medical Services," na nakatakdang matapos ngayong ika-22.

Hinihiling namin sa lahat ng mamamayan ng Gifu na sundin ang mga sumusunod na hakbang upang maprotektahan ang sarili, pamilya, at iba pang tao.

Hinihiling na Kooperasyon mula sa mga Mamamayan ng Gifu:

- ○ Agarang pagpapabakuna
- ○ Masusing pagpapatupad ng pangunahing preventive countermeasures sa pag-iwas ng impeksyon
- ○ Gumamit lamang ng mga emergency services at ambulansya kung talagang kinakailangan
- ○ Iwasan ang mga kilos na hahantong sa pagkalat ng impeksyon, tulad ng pagpunta sa mataong lugar o mga lugar kung saan mataas ang panganib ng impeksyon tulad ng mga New Year events.
- ○ Maingat na isaalang-alang ang tahimik na kainan at inuman na may malaking bilang ng tao at mag-suot ng mask kapag makikipag-usap.
- ○ Maingat na isaalang-alang ang pagdalo sa mga dinner na may malaking bilang ng tao
- ○ Maingat na isaalang-alang ang pagpunta sa malalaking events